



## Mabuting pananaw sa kinabukasan

**Katotohanang ang mabuting pananaw sa kinabukasan ay isa sa mga tradisyon ng Huling Sugong si Muhammad(saws), kinalulugdan niya ito at siya ay nagwika: [ at kinalulugdan ko ang mabuting pananaw sa kinabukasan: at ito ang mabuting pananalita.] Albukhari 5756.**

**Isang malaking karangalan para sa atin na mapili ng Allah bilang Kanyang mga lingkod. Mula sa Kanyang walang hangganang habag, tayo ay hindi Niya parurusahan sa mga gawaing masama na ating nagawa dahil sa pagkalimot , at hindi rin Siya nagbigay ng obligasyon higit sa ating kakayahan. Siya ay mapagpatawad hangga't tayo ay nagbabalik-loob sa Kanya. Nilikha ng Allah ang sansinukob upang ipalaganap ang Kanyang habag at awa, kaya't marapat lamang na tayo ay magbalik-loob sa Kanya, sinabi ng Allah: [Sabihin: "O' kayong Aking mga lingkod na nagkasala ! Huwag mawalan nang pag-asa sa Awa ng Allah: katotohanan, ang Allahay nagpapatawad sa lahat ng mga kasalanan. Katotohanan Siya ang Pinaka Mapagpatawad, Pinaka Mahabagin.] (Azzumar: 53).**

**Hindi marapat para sa isang tao ang mawalan ng pag-asa kahit pa magkakasunod ang mga pagsubok na kanyang kinakaharap. Kailangang maging mabuti ang kanyang pananaw sa kinabukasan, sinabi ng Propeta Muhammad(saws): [ Ang Allah ay nagwika: Ang pakikitungo Ko sa Aking lingkod ay kung ano ang kanyang pananaw tungkol sa Akin, kung mabuti ay mapapasakanya ang kabutihan, at kung masama ay mapapasakanya ang kasamaan.] Ahmad 9314, sahih ibnu Hibban 405/2. Kaya't sinuman ang nag-iisip ng mabuti patungkol sa Allah at kinabukasan, at isinagawa ang mga kaparaanan upang makamtan ang minimithi, ay katotohanang siya ay nasa pintuan na ng tagumpay at kanya nang nabuo ang daan tungo rito. Isinalaysay na kinalulugdan noon ng Sugo kapag siya ay lumalabas na marinig ang mga katagang: ["O siyang may talino" o di kaya "O ikaw na mapalad".] Al-mu'jam al-awsat 4181. Ang mga katagang ito ay nagbibigay ng pag-asa at mabuting moral.**

**Ang mabuting pananaw sa kinabukasan ay isang kalagayan ng kaisipang nalulugod sa mabuting pananalita na nagbibigay ng kasiyahan, at kagaanan ng loob at naghihikayat tungo tagumpay. Sinabi ng sugo(saws): [ Walang masamang pamahiin, ngunit kailangang maging mabuti ang pananaw.] siya'y tinanong: ano ang mabuting pananaw o Sugo ng Allah(saws), siya'y sumagot: [ Ang makarinig kayo ng mabubuting pananalita.] Napagkasunduan nina Al-bukhari at Muslim.**



**Katotohanang ang mabuting pananaw sa kinabukasan ay isa sa mga tradisyon ng Huling Sugong si Muhammad(saws), kinalulugdan niya ito at siya ay nagwika: [ at kinalulugdan ko ang mabuting pananaw sa kinabukasan: at ito ang mabuting pananalita.] Albukhari 5756. Kabilang sa mga sunnah o tradisyon ng Propeta Muhammad(saws) ang pagpili ng mabuting pangalan upang nawa’y pagpalain ang sinuman dahil sa kahulugan nito. Isinalaysay ni Said bin Musayyab at ayon sa ama ni Musayyab: na siya ay pumunta noon sa Sugo ng Allah(saws) at siya’y tinanong ng Sugo: [Ano ang pangalan mo?] siya ay sumagot : “Alhuzn – ang malungkot”, sinabi ng Sugo: [datapuwat ikaw ay si “Sahl”-madali/malumanay] kanyang sinabi: “hindi ko babaguhin ang pangalang napili ng aking ama”, sinabi ni Ibnul-musayyab: “Mula noon kami ay mayroong magaspang na pag-uugali.” Al-bukhari 6190.**

**Kabilang rin sa mga sunnah ng Sugo(saws) ang pananalangin ng kagalingan para sa maysakit. Minsan siyang pumasok sa tahanan ng isang maysakit na “a’rabi”-arabo sa disyerto at siya ay nagwika: [ Walang kasamaang dadapo sa iyo, nawa’y gumaling ka sa kapahintulutan ng Allah.] Al-bukhari 3616. Nararapat sa siyang bumubisita na kanyang palakasin ang loob ng siyang maysakit at magbanggit lamang ng mabubuting pananalita upang magkaroon ito ng kahinahunan at kapanatagan. Katotohanang ipinagbawal ng Sugo(saws) ang masamang pananaw sa kinabukasan, sinabi ng Sugo(saws); [ kapag sinabi ng isang tao: “masasawi ang tao!”, katotohanang siya ay siyang pinakasawi sa lahat.] Muslim 36/8. Kaya’t ang mabuting pananaw sa kalagayan ng iba ay isang uri ng mabuting pananaw sa kinabukasan, ito ay kabilang sa mga alituntunin ng batas-Islamiko at gagantimpalaan ang siyang magsasagawa nito.**

**Katotohanang ang mabuting pananaw ay magtutulak sa tao tungo sa paggawa ng kabutihan at magbubukas para sa kanya sa pintuan ng pag-asa. Ito rin ay maglalayo sa kanya mula sa pagpapabaya at katamaran. Lahat ng ito ay magdudulot sa kanya ng kahusayan at kasiyahan sa paggawa , gayunding siya ay magkakamit ng buhay na masagana at gantimpala mula sa kanyang Panginoong Allah. Sinabi ng Allah: [ Sinuman ang nagsagawa ng mabuting gawain mula sa mga kalalakihan o kababaihan habang siya ay mayroong pananampalataya sa Allah, ay katiyakang Amin siyang bibiyayaan ng masaganang pamumuhay, at Amin silang bibigyang ng gantimpalang katumbas ng pinakambubuti nilang mga gawain. ] An-nahl 97. Ang mabuting pamumuhay na ito ay magdadala sa kanya tungo sa pagtaguyod sa kanyang mga obligasyon sa bansa at sa mga mamamayan kalakip ang kasiyahang nadarama habang isinasagawa ang mga ito, sapagkat batid niya na ang lahat ng mga mabubuting gawain ay hindi kailanman makakalimutan ng Allah. Sinabi ng Allah: [ Katotohanang hindi itatakda ng Allah na mawala ang gantimpala ng silang mga gumagawa ng kabutihan.] At-tawba 120.**

**Katiyakang ang gantimpala ng silang mga nanampalataya sa Allah, sa nasiyahan sa itinadhana Niya sa kanila at gumawa ng mga mabubuting gawain ay naka-impok na sa Allah. Katulad ng mga Propeta at mga Sugo ng Allah, kanilang tinalikuran ang kawalan ng pag-asa at nagpatuloy sa pagtahak sa landas ng kabanalan hanggang sa kanilang marating ang mga hangarin maging dito man sa mundo o sa kabilang-buhay. Isa sa mga sugo ng Allah ay si Propeta Ya’qub(as)-Jacob. Hindi siya kailanman nawalan ng pag-asa na makasamang**



muli ang kamahal-mahal na anak na si Propeta Yusuf(as)-Joseph pagkatapos nang ito ay mawalay sa kanya ng napakahabang panahon, kaya't patuloy siyang nag-utos sa iba pa niyang mga anak na alamin ang mga bali-balita tungkol sa anak at kapatid nito, gayunding kanyang pinayuhan ang mga ito laban sa kawalan ng pag-asa. Sinabi ng Allah: [(sinabi ni Ya'qub) O' aking mga anak ! Humayo kayo at ipagtanong ang tungkol kay Yusuf at ang kanyang kapatid, at kailanman ay huwag kayong mawalan ng pag-asa sa Awa ng Allah.] Yusuf 87. Siya ay nanatili sa ganitong kaisipan hanggang sa pagpalain siya ng Allah at naibalik sa kanya ang minamahal ng mga anak. Sinabi ng Allah: [Makaraan ng ang tagapagdala nang mabuting balita ay dumating, kanyang inihagis [ang damit] sa ibabaw ng kanyang mukha, at madaling nagbalik na malinaw ang kanyang paningin. Siya ay nagsabi: "Hindi ko ba sinabi sa inyo, na ako ay mayroong kaalamang mula sa Allah na hindi ninyo nalalaman ?] Yusuf 96.

Kapag ang ganitong kahulugan ng mabuting pananaw sa kinabukasan ay uusbong sa mamamayan sa loob ng isang lipunan ay katotohanang kanilang makakamtan ang katiwasayan, kaunlaran , kasiyahan at madali nilang malalampasan ang mga balakid kalakip ang kahusayan sa paggamit ng mga kaparaanan ng paggawa, at hindi kailanman mawawalang ng pag-asa. Sinabi ng Sugo ng Allah(saws): [Kapag paparating na ang pagkagunaw ng mundo habang sa kamay ng isa sa inyo ay mayroong butil, ay kung maaaring ito ay kanyang itanim bago pa ang pagkagunaw ay gawin niya.] Al-bukhari Adabul-mufrad 168/1.